


“

Totoo nga bang namatay si Jesus sa krus...?

Oo, iyan ay aking pinaniniwalaan.

What about...
believing all the Bible? - Tagalog
Copyright © 2020 - WELS - BWM
Tract 1 of 7-MLP Cat No 385526

Multi-Language Productions
Bringing the Word to the World
wels.net/mlp

# Ano Ang Tungkol Sa ...

## PANINIWALA SA LAHAT NG NILALAMAN NG BIBLIA?



## *Ano ang Tungkol sa … Paniniwala sa Lahat ng Nilalaman ng Biblia?*

May mga taong naniniwala sa lahat ng nilalaman ng Biblia. Mayroon ding hindi naniniwala sa kahit anumang nilalaman ng Biblia. Mayroon namang naniniwala sa ilang bahagi lamang nito.

Mauunawaan natin kung bakit may mga taong pinaniniwalaan ang lahat ng nilalaman ng Biblia. Mauunawaan din natin kung bakit may mga taong hindi naniniwala sa alinmang nilalaman nito. Ngunit ang maniwala lamang sa ilang nilalaman nito? Ano ang batayan ng isang tao kung alin ang tama at kung alin ang mali sa mga nilalaman nito? Halimbawa, namatay nga ba si Jesus sa krus upang tayo ay iligtas sa ating kasalanan? Maraming magsasabi na, "Oo, iyan ay pinaniniwalaan ko." Ngunit kung may magtatanong kung nilikha nga ba ng Diyos ang daigdig sa loob ng anim na araw, may mga magsasabi na, "Hindi, iyan ay imposible."

Paano mo masasabi na ang isang katuruan ng Biblia ay tama kung ikaw ay naniniwala na ang ibang katuruan ay mali? Kung ipinagpapalagay mong mali ang ibang katuruan, hindi kaya ang itinuturing mong tama ay maaaring mali rin? Maikukumpara natin ito sa isang magsasaka na mayroong taniman ng pakwan. Nang dumating ang araw ng pag-aani, dumagsa ang maraming tao upang mamitas ng mga bunga. Upang matigil ang pagdagsa ng mga tao, naglagay ng babala ang magsasaka sa kanyang taniman na nagsasabing, "Mayroong lason ang isa sa mga pakwan na nakatanim dito." Ngunit kinabukasan, nakita niya na nabago ang nilagay niyang babala. Sa halip ay ito na ang nakasulat sa babala, "Mayroong lason ang dalawa sa mga pakwan na nakatanim dito." Dahil dito, hindi na alam ng magsasaka kung alin sa mga tanim ang may lason at alin ang ligtas kainin. Ganito rin sa Biblia. Kung sasabihin natin na may ilang katuruan ng Biblia na tama at may ilang katuruan ng Biblia na mali, paano malalaman ng sinuman kung alin ang alin?

Ang paniniwala lamang sa ilang nilalaman ng Biblia ay hahantong sa pag-aalinlangan sa buong Biblia. Ang nilalaman ng Biblia ay kathang-isip lamang ng tao o ito ay Salita ng Diyos, na ang bawat salitang nakatala rito ay ibinigay sa mga taong manunulat sa pamamagitan ng paggabay ng Espiritu Santo. Kung ito ay kathang-isip lang ng tao, ito ay maaaring mali at malaya tayong pumili kung alin ang paniniwalaan natin. Ngunit kung ito ay Salita ng Diyos, ang lahat ng nilalaman nito ay katotohanan.

Naniniwala tayo na ang buong Biblia ay Salita ng Diyos at pawang katotohanan ang lahat ng nilalaman nito. Ang paninindigang ito ay may matibay na batayan. Una, higit na maraming patunay para sa mga kasulatan ng Biblia kaysa alinmang sinaunang aklat. Ikalawa, lahat ng sumulat ng mga aklat sa Bagong Tipan ay isinulat ang kani-kanilang mga akda sa loob ng unang siglo ng kapanganakan ni Jesus. Kilala nilang lahat si Jesus. Ikatlo, ang mga nabanggit ng mga manunulat ng Biblia tungkol sa kasaysayan ay napatunayang tama. Ikaapat, ipinangako ng Diyos na Kanyang papatnubayan ang mga manunulat ng mga aklat ng Biblia upang ang kanilang isusulat ay yaon lamang katotohanan.

*"Ang mga salita ng Diyos ay nagkakaloob sa atin ng buhay na walang hanggan."*

Higit sa lahat, ipinahahayag ng Biblia ang katotohanan tungkol sa pag-ibig ng Diyos sa ating mga makasalanan. Sinasabi ng Biblia na ang mga salitang nakatala rito ay nasulat "upang kayo ay sumampalataya na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng Diyos, at sa inyong pagsampalataya, kayo ay magkaroon ng buhay sa pamamagitan ng kanyang pangalan" (Juan 20:31).

Bakit nais ng Diyos na tayo ay maging tiyak na ang Biblia ay Kanyang Salita? Sapagkat ang Kanyang Salita ay nagkakaloob ng buhay na walang hanggan. Magpasalamat tayo sa Diyos na lahat ng Kanyang Salita ay totoo.

